

*Movovug: Isang Diksiyunaryo**

Amado Anthony G. Mendoza III

I

Wala na raw makakausap nang maayos sa Ugac-Anafunan Sur. Sira raw ang ulo ng mga tao roon, ang sabi ng iba. Baryo ng tango at tanga. Iyan ang tawag ng mga tao sa mga residente ng baryo. Kapag daw kasi binati ng magadang umaga, ngiting may kasabay na mabilis na pagtango lang daw ang paulit-ulit na isasagot sa kausap. Ganun din daw ang tugon kapag magtatanong ng direksyon o di kaya’y makikisuyo ng gatas o mantika. Nagbabago lamang daw ang tugon ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur kapag sila’y tinanong kung bakit hindi sila makasagot nang matino. Kung bakit sila tila nauumid at hindi makapagsalita. Kapag ganun na raw ang takbo ng usapan, dagling mapapawi ang ngiti sa mukha ng isang taga-Ugac-Anafunan Sur, at bigla na lamang nitong iiwanan ang kausap. Wala na ring nakatira ngayon sa baryo. Mas pinaspasan at pinatindi na kasi ang operasyon ng pagmimina doon kaya bantay-sarado na ang militar. Haharangin at kakastiguhin (kapag nagpumilit, sisikaran pa nila ng mag-asawang tadyak sa tagiliran) ng mga ito ang sinumang magtatangkang pumasok nang walang Mayor’s permit o kaya ID na magpapatunay na empleyado ang isang indibidwal ng Greater Landscapes Mining, Co.

Walang makapagpaliwanag kung paano’t bakit nangyari ang gayon sa mga taga-Ugac-Anafunan Sur. Basta’t ang sabi ng matatanda, nag-

Note: Part of a novel-in-progress

simula ang lahat pagkatapos ng isang pagkalakas-lakas na bagyong tumagal ng isang linggo. Na tila ba tinangay ng bagyong iyon—at ng mga kabarkada nitong alon—nang tumungo na itong Taiwan ang kakayahan ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur na magsalita. Mahigit dalawang taon na mula nang manalasa sa baryo ang bagyong iyon. Pero para sa mga residente ng mga karatig baryo, parang kahapon lang nang mangyari ang lahat. Sa pakiwari nila, tumigil ang oras, natapilok, napilayan, at hindi na makalakad nang maaayos upang tuparin ang kaniyang tungkulin at kaganapan.

Ang mababasang manuskrito ay produkto ng panayam sa ilang eksperto at katutubo ng lugar, pagsusuri sa mga naiwang ebidensya, interpretasyon ng mga opisyal na dokumento't ulat, nasagap na tsismis mula sa mga trabahador ng isang pagawaan ng milk candy sa Lal-lo, sabi-sabi mula sa mga munisipyo at karatig baranggay, at sariling pabulasyon—tulad ng laging ginagawa ng mga manunulat—ng isang pangyayaring anumang oras (bukas o sa kamakalawa) ay maaaring mabura sa opisyal na alaala ng kasaysayan.

II

Ang Insidente

Una raw naglaho sa pangungusap ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur ang mga pangngalan. Kasama na nito, siyempre, ang kanilang mga pangalan. Hindi nagtagal sumunod na rin, tulad ng mga napapanis na laway sa dulo ng kanilang dila, ang mga panghalip, pangatnig, pang-abay at pang-ukol. Nagsimula raw ang lahat sa mga pangungusap na hindi matuldukan, mga salitang nabibitin sa dila't waring tinatangay ng hangin, at sa paglaon, nasundan ng mahahabang pangangaral, pag-uutos at pagpapaliwanag na susuklian lamang ng mga bata ng matabang at matamlay na pagtango. Pagsapit ng ikaapat na araw, mistulang nag-i-estakato na sa kanilang pananalita ang mga residente ng baryo. Naging karaniwan at mistulang cute ang salitang-sanggol (hal., kain ako pagkain). Sa ikalimang araw ng pambalarilang paghuhunos, ganap na ang pagkakapilipit ng dila ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur. Dumating pa nga ang punto na sa kaloob-looban ng mga residente ng baryo, natanggap na nilang darating ang araw na talagang hindi na sila makapagsasalita pa. At medyo malapit

nga sa kanilang mga hinuha ang nangyari.

Napansin na rin daw ito ng matatanda sa mga batang pulos pagtawa, pag-iyak at pagsigaw ang itinutugon sa kanilang mga tanong o paalala. Kung may isasagot man sila, palagiang mga pandiwang nasa pangkasalukuyang panauhan (hal., “away” ang panumbas nila sa anumang bagay na masama o kinagagalitan—hal., ang pagmimina ng magnetite) at mga karaniwang pang-uri (hal., “pagod” ang katumbas ng ekspresyong “ayoko nang maglaro”) ang tugon ng mga bata sa kanilang mga magulang. Kapag hindi pa rin sila magkaintindihan, dadaanin sa paggiling (kapag gustong baybayin ang isang salita), paglupasay sa lupa (kapag may hinihinging hindi maibigay), pagtambing at pagkembot (kapag gustong ipagyabang isang bagong natutuhan na salita) ang usapan. Pagkalipas naman ng isang buwan, kasabay ng pagkamalay ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur sa pagkawala ng mga nabanggit na bahagi ng kanilang balarila, ay ang hindi maipaliwanag na paglimot nila sa lahat ng salitang pambilang. Noong panahong iyon, ang natira na lamang sa mga residente ng baryo ay ang kakayahang mailarawan ang kanilang masaklap at di kapani-paniwalang karanasan sa pamamagitan ng pagtangis, minsanang pagdadabog at magdamag na pagtanga sa may dalampasigan. Sa isip ng mga residente, alam nilang hindi na nila pwedeng tawaging pansit batil-patung ang pansit batil-patung. Pero alam nilang niluluto at kinakain pa rin iyon sa ibang lugar. Hindi na nga lang nila magawang matumbasan ng pinakatumpak na salita. Kung kaya’t sa malawak na kategorya ng pandiwang “kumain” o “kinnam” (ang pandiwang panumbas sa anumang akto ng pagkain) na lamang nila matutukoy ang naturang paboritong meryenda.

Sa puntong iyon, ang halos lahat ng bagay, damdamin, karanasan at pangyayari sa buhay ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur ay nawalan ng salitang panumbas. Ang ulap para sa kanila’y mistulang mga hugis-tumpok sa langit na walang detalye, walang lalim, walang kanto, walang kurba, walang sukat. Ang mapayapang asul ng dagat ay nagmistulang kulay na walang kinakatawan o sinisimbolo. Ang pinong buhangin sa dalampasigan, teksturang walang nakararamdam, daungang mabuway ng mga bangkang pangisda. Mga katangiang walang tiyak na katauhan at nilolooban. Sa madaling sabi, isang espontanyong rudimentasyon ng wika ang naganap sa Ugac-Anafunan Sur.

Pagkalipas ng isang taon, ayon kay Federico Magdaraog, matapos ang biglaan ngunit mahinay na proseso ng paglimot at pagkapipi¹, ang baryo'y tuluyang nilamon ng alon, asupre at buhangin.

Ang Baryo

Isang maliit na baryong malapit sa dalampasigan ang Ugac-Anafunan Sur. Ayon sa ikalawang tomo ng *Britanika Filipino* (1957), ang unang tekstong nailimbag na naglaman ng impormasyon tungkol sa baryo, matatagpuan ang Ugac-Anafunan Sur sa pagitan ng mga bayan ng Abulug at Pamplona. Subalit batay naman sa mga dokumento mula sa munisipyo ng Tuguegarao noong 1986², walang baryo o baranggay na Ugac-Anafunan Sur ang matatagpuan sa anumang sulok o pagitan ng nabanggit na dalawang bayan.

Ang nasa listahan lamang ay ang sumusunod: Atulayan Norte, Atulayan Sur, Ugac Sur, Ugac Norte, Anafunan Sur, Anafunan Norte. Kung hahanapin ang pagkakatulad ng mga nabanggit na baranggay, mahihinuhang ang lahat ay matatagpuan sa Tuguegarao. Kung pagtatambisin naman ang lahod sa *Britanika Filipino* at dokumento galing sa Tuguegarao, agad mapapansin ang isang heograpikal na kontradiksyon.³ Mas tama kasing sabihin na matatagpuan ang baryo sa isla ng Aparri o Gonzaga. Dahil sa lahat ng munisipalidad sa probinsya ng Cagayan, ang dalawang nabanggit

1 Sa ganoong paraan inilarawan sa akin ng kaibigang si Federico Magdaraog, dating nagsilbing inhinyero para sa Greater Landscapes, Co., ang sinapit ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur. Noong una'y hindi ko talaga mapaniwalaan ang mga isiniwalat niya. Paanong magiging biglaan ang isang bagay na dahan-dahan? Pero naisip ko, di ba't dahan-dahan rin namang pinapatay ng cancer ang mga biktima nito. Ngunit sa kabila nito, hindi nawawala sa mga biktima nito ang pakiramdam ng pagkabigla. Isang pagkabigla na bunga ng kawalan ng kahandaan (o sa kasong iyon, ng kahungkagan ng anumang uri ng paghahanda).

2 Medyo alangan ako sa dokumentong ito. Una sa lahat, kuwestiyonable ang nakasaad na petsa at oras ng pagkakakumpleto nito. Nobyembre 7 1987, alas-tres ng hapon, ang nakasaad na petsa ng pagkakakumpleto sa dulo ng dokumento. Kung gayon, paanong nangyaring mayroon nang dokumento noong 1986 na pwedeng ipakopya ay ihanda para ipamahagi, halimbawa, sa sinumang mananaliksik? Pangalawa, maraming mali sa pagbaybay at pagbabantas ang dokumento. Mga pagkakamali na hindi pwedeng isawalang-kibo o ipagkibit-balikat na lang. Nariyan ang manakanakang maling pagbaybay sa "Tuguegarao," na lumilitaw sa dokumento bilang "Tugegarrao." Hindi rin madalang ang mga pagkakataon na ang isang pangungusap, imbis na wakasan ng tuldok, ay tutuldukan ng isang kuwit. At huli, walang pirma ng maski sinong municipal engineer o land surveyor ang dokumento. Isang bagay na mas lalong nagpapatindi sa aking pagdududa sa berasidad ng dokumento.

3 Isang bagay na hindi na dapat pagtakhan kapag pagpapanatili at pag-aalaga sa seguridad ng mga dokumento ang pinag-uusapan.

lamang ang masasabing talagang napapalibutan ng dagat. Bagaman malapit sa karagatan, wawa lamang ng ilog ang malapit sa mga bayan ng Pamplona at Abulug. Isa pa, kung babalikan ang nakasaad sa *Britanika Filipino*, binanggit na nasa pagitan ng dalawang bayan ang Ugac-Anafunan Sur. Kung iyon nga ang totoo, hindi ba't sinasalungat nito ang naunang topograpikal at heograpikal na paglalarawang ibinigay ng *Britanika Filipino*?

Upang mabigyan ng solusyon ang problemang ito pagdating sa pagkumpirma sa mga datos, hayaan ninyong magbigay ako ng dalawang mungkahi—dalawang proposisyong walang uuwing talunan. Para sa mga mambabasa, agad masosolusyonan ang isang pagkakamali at aberasyong nagpapanggap bilang katotohanan kung ituturing na lamang ito bilang isang kaso ng “human error.” Panglawa, para hindi na maubos ang oras ng mambabasa sa kakakonsulta sa mga mapa, atlas o libro sa kasaysayan, isipin at paniwalaan na lang natin na talagang matatagpuan sa munisipalidad ng Gonzaga ang Ugac-Anafunan Sur. Ano ang bentahe ng mungkahing kong ito? Una, sa lahat ng mga nabanggit na bayan na sinasabing pinaglalagyan ng baryo, tanging ang Gonzaga lamang ang may mahaba at nakatalang kasaysayan ng pagmimina ng magnetite. At dahil ang magnetite ay matatagpuan lamang sa ilalim ng dagat at ang bayan ng Gonzaga ang pinakapoblableng base para sa anumang operasyon ng pagmimina, lohikal lamang ang asersyong matatagpuan ang baryo sa naturang bayan.

Kaugnay nito, bukod sa ang Gonzaga’y islang napapalibutan ng dagat, nakapagbibigay rin ng eksotikong tekstura sa naratibo ang katotohanang sa bayang ito matatagpuan ang sinasabing natatanging aktibong bulkan sa lalawigan ng Cagayan: ang Mt. Babuyan. Kung babalikan ang panayam kay Federico Magdaraog, binanggit niyang “nilamon ng alon, asupre at buhangin ang baryo.” Hindi natin alam kung paniniwalaan natin sa literal na lebel ang pahayag ni Magdaraog tungkol sa sinaspit ng baryo, o titingnan natin ito bilang isang pagmamalabis ng taong nakasaksi ng isang kagila-gilalas na pangyayari. Gayunpaman, hindi naman siguro kalabisan kung ituturing ang salitang asupre bilang pahiwatig ng pag-iral ng isang aktibong bulkan. Muli, ang bentahe nito para sa mambabasa ay ang pagkaabswelto niya sa pagkonsulta sa anumang libro tungkol sa mga bulkan sa Pilipinas. Ang bentahe naman nito para sa akin, sa kabilang banda, ay ang pagkandili sa ilusyon ko na isang kuwento ang teksto, at sa pamamagitan ng pagkilalang iyo’y manatili ang posibilidad na mabago ko pa ang mundo

sa loob nitong batbat ng kontradiksyon at tunggalian.

Ngayon naayos na ang gusot hinggil sa lokasyon ng Ugac-Anafunan Sur—na hindi nangangahulugang naayos na rin ang iba pang gusot sa naratibo—balikan naman natin ang naudlot na salaysay tungkol sa wika ng mga residente ng baryo.

Itawis, Ibanag at Ilokano ang mga pangunahing wikang sinasalita ng residente ng Ugac-Anafunan Sur. Pero kung kinakailangan, lalo na tuwing may mga dayo galing sa Maynila, kaya rin nilang managalog at mag-Ingles. Nang una kong marinig kay Magdaraog ang kuwento, ang una kong reaksyon ay: Di ba't multilingual naman ang mga taga-Cagayan? Oo, ang sagot niya. Ang tanong ko ulit: Ano 'yun, nalimutan nila lahat ng pangngalan at pandiwa sa lahat ng wika? Hindi niya ako sinagot. Nadismaya yata siya sa tanong kong iyon. Kahit ako, nang binabalikan ko na sa isip ko ang pag-uusap naming dalawa, natangahan sa sarili kong tanong. Upang saluhin ang pag-uusap naming dahan-dahang ginagapang ng nakasasakal na katahimikan, nagtanong ulit ako: Alam na ba ito ng mga kinauukulan? Tiningnan niya lang ako, iyong tingin na blangko. Iyong tingin ng isang taong bahagyang natulig at natigilan sa kaniyang pagmumuni.

Pinigil ko ang anumang udyok na ulitin ang aking tanong. Sapat na sa akin ang isang beses sa isang araw na maturingang impertinente. Di bale nang magmukhang tanga sa kahihintay, huwag lang makapambastos ng kapwa. Nagkasya na lamang ako na pinapanuod siya habang inaayos niya ang pagkakasuot ng kaniyang salamin. Pero pagkaraan, matapos magpantay-lapat ang kaniyang lente sa kaniyang mga mata, binasag rin niya sa wakas ang katahimikan: "Pasensya ka na, Arnold, mukhang di ko masasagot ang tanong mo." Sasabihin ko sana kay Magdaraog na hindi problema iyon, na hindi siya obligadong sagutin ang mga tanong kong tumutulay sa pagitan ng katangahan at kabastusan, nang bigla niyang inabot sa akin ang isang malaki at may kakapalang aklat.

"Baka makatulong sa 'yo, Arnold. Hiramín mo muna. Bigay 'yan sa 'kin ng bayaw kong dating nakatira doon."

"Salamat po. E di ano rin po siya ... ano...di na nakakausap?"

Tinawanan lang niya ang tanong ko, sabay tayo sa kaniyang kinauupuan—na tiyak kong isang pailalim na paraan upang sabihing pwede na akong umalis, tapos na ang aming pag-uusap. Kaya naman para hindi mapahiya, tumayo na rin ako't inabot ang kamay ko sa kaniya.

Nakangiti naman niyang inabot sa akin ang kaniyang kinakalyong palad at binilinan akong mag-ingat sa pag-uwi. Kipkip ang ipinahiram na malaking aklat, lumabas ako ng kaniyang bahay nang hindi mapalagay, napapaisip kung may nasabi ba akong mali o wala sa lugar.

III

Ang Diksiyunaryo

Mga ilang araw muna ang lumipas bago ko naaalalang buklatin ang aklat—na isa palang diksyunaryo—na ipinahiram sa akin ni Magdaraog. Walang anumang pamagat ang nakatitik sa pabalat nito. Pagkabuklat ko’y unang tumambad sa akin ang pahinang may nakasulat—sa malalaki’t itim na letra—na “movovug,” na kung tama ang pagkakaalala ko’y nangangahulugang “magsalita” sa wikang Itawis. At mula roon, nahinuha ko na ang aklat na hawak ko ay posibleng isang diksyunaryo. Diksiyunaryo ng mga taong nakalimot⁴ (o may nagpalimot) kung paano magsalita, diksyunaryo ng mga nakalimot kung paano ihahayag ang kanilang pagkaapi.

Walang nakasaad na awtor, lugar at petsa ng pagkakalimbag sa anumang bahagi ng diksyunaryo. Wala ring paunang salita o paliwanag tungkol sa teknikalidad at mga nilalaman nito. Ang naroroon lamang ay isang epigraph na may kalabuan dahil sa paraan ng artikulasyon nito: *sarita mattalaw*. Sarita? Mattalaw? Sarita... Mattalaw... Ilocano para sa kuwento ang sarita, samantalang Itawis naman para sa matakot ang mattalaw. Bagaman medyo nag-aalangan ako sa sarili kong mga haka’t interpretasyon tungkol sa kahulugan ng mga salita, wala akong magagawa. Walang ibang rekurso. Kung talagang ganoon kalala ang sinapit ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur, hindi na siguro kalabisang isipin na maaaring ipinahihiwatig ng dalawang salitang iyon (na nakapaloob rin sa diksyunaryo) ang kuwento ng kanilang pagkawasak—isang naratibong tigib ng takot at pagdurusa.

⁴ Bago ito sa akin sapagkat kaiba sa proyekto ni Danilo Kis sa kaniyang kuwentong *Encyclopedia of the Dead* kung saan tampok ang isang malaking encyclopedia na naglalaman ng buong talambuhay ng isang taong sumakabilang-buhay, sikat man o hindi. Ang Movovug naman, sa kabilang banda, ay diksyunaryong nilikha ng mga taong hindi na makapagsalita nang maayos. Ang hindi malinaw sa akin ay ang intensyon nila sa paglikha. Maitatanong tuloy: isinulat ba ang diksyunaryo para lumikha ng bagong mga salita? O isinulat ito para maipalwanag nila sa tao ang sinapit nilang malagim na kapalaran?

Nahahati sa apat na bahagi ang diksyunaryo: “movovug,” “kontar,” “mattalaw,” at “makkokog.” Laman ng bahaging movovug ang, sa hinuhalako, mga salitang pang-araw-araw ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur. Matatagpuan sa bahaging ito ang mga salitang kumain, matulog, magtago, tumakbo, magluto, magtanim, mangisda. Mga salitang malapit sa uri ng pamumuhay na namamayani sa munisipalidad ng Gonzaga. Kaiba sa nakasanayan nating diksyunaryo, medyo pekyulyar ang pagkakaayos ng mga lahok sa diksyunaryo: may nakalaan na tatlo hanggang sampung pahina para sa bawat salita. At imbis na mga pormal na depinisyon, bigkas, at leksikograpong pagbabaybay, mga ginuhit na larawan ang tumatayong depinisyon para sa mga lahok.

Para sa lahok na *makkokog*, halimbawa, may nakalaan na isang buong pahina para isang detalyadong larawan ng barena (na ayon kay Magdaraog ay barena na inangat pa sa Australia para lang sa pagmimina ng magnetite). Salungat naman sa anumang lohika ng pagkakasunod-sunod at kawsalidad, sunod namang tatambad ang larawan ng isang batang nakatayo sa isang mataas na burol ng buhangin, tinatanaw ang dagat at ang dalampasigan na pinaradahan na ng mga traktora, tinayuan ng mga naghuhumindig na himpilan, at nagtataglay ng malalalim na hukay na nagkalat sa kahabaan ng isla. Na para bang ang gustong sabihin, ang nais ipabatid, ang hindi mabigkas, ay ang katotohanang produkto ng ng isang urong na paggalaw ng kapital ang sinkretikong tanawing minamasid ng bata sa larawan.

Hindi rin pambihira at nakapagtataka ang paulit-ulit na paggamit sa ibang lahok ng iisang partikular na larawan. Makikita, halimbawa, sa lahok na *mattalaw* ang larawan ng barena na matatagpuan sa lahok na *makkokog*. May pagkakataon pa nga na lumilitaw sa mahigit limang lahok ang isang larawan. Ito ang kaso para sa mga lahok na *iturat*, *movovug/mergo*, *kinnam*, *kontar*, at *matindyan*. Sa pinakamadaling paglalarawan, tampok sa nasabing larawan ang limang residente ng Ugac-Anafunan Sur (dalawang matanda, tatlong bata, tatlong babae, dalawang lalake) na hubong nag-uumpukan sa harap ng himpilan ng mga minero. Ngunit ang talagang kakaiba’t kabighabighani sa larawang ito ay ang suson-susong kahulugang taglay nito. Naging posible ang nasabing multiplisidad ng kahulugan dahil sa pagkakaroon ng nasabing larawan ng iba’t ibang bersyon nang hindi lumilihis sa orihinal nitong konsepto, aksyon at tema: ang pag-uumpukan. Sa madaling sabi, ang pagpapanatili sa pangkalahatang ideya at konsepto ng larawan ay hindi

naging hadlang sa pag-iral ng iba't ibang bersyon ng larawan alinsunod sa kahulugang nais ipaunawa ng isang partikular na lahok. Sa katunayan, nakatulong pa nga ang naturang pag-uulit upang mas lalong lumawak ang kahulugan ng konsepto ng pag-uumpukan.

Kapag ininspeksyong mabuti ang larawan, halimbawa ang bersyon ng larawan sa lahok na *kinnam*, ang simpleng umpukan ay nagiging isang picnic kapara ng mga eksena ng picnic sa mga pelikulang Pilipino noong dekada nobenta: may nakalatag na makulay na tela sa may buhanginan; sari-saring pagkain na tapat sa okasyon tulad ng tsitsirya, lahat ng klase ng prutas, at hotdog na pinalaman sa pandesal; batang nagpapalipad ng saranggola; at ang ekspresyon sa kanilang mga mukha at disposisyon na nagpapahiwatig na anumang oras, basta may timbre mula kay direk, ay pwede silang magtanghal ng isang umaatikabo't bigay-todong production number.

Kung papansinin naman ang bersyon ng larawang tampok sa lahok na *kontar*, imposibleng hindi mapansin ang mas madilim, matamlay, at mapanglaw na dating ng larawan, na marahil bunga ng mas madidiin na paghagod ng lapis sa papel. Kapansin-pansin rin sa naturang bersyon ng larawan ang mas yayay na pangangatawan at lumuluwa nang mga mata ng taong nasa larawan. Kaugnay nito, kakatuwa rin pansinin ang mapagbantay at naghihinalang paraan ng pagmasid ng limang residente sa himpilan ng mga minero. Iyong tipo ng pagmasid na may malisyá't pag-iimbot, na para bang kung may pagkakataon lang, bukas na bukas, ay pasasabugin na nila ang himpilan upang magsaabo at magsabuhangin na rin ito (kasama ang mga minero) tulad ng magnetite na sakim nilang minimina.

Tungkol sa pag-aakda, hindi lang ng mga lahok kundi ng mga larawan na kaakibat nito, walang nakasaad sa diksyunaryo kung sino o sinu-sino ang sumulat at gumuhit ng mga ito. Tinanggap ko agad nang walang pagdududa na mismong mga taga-Ugac-Anafunan Sur ang lumikha sa diksyunaryo. Ang katiyakang ito'y maiuugat rin sa katotohanang nananalig ako sa mga ibinahaging impormasyon sa akin ni Magdaraog. Ngunit higit pang mahalaga sa anumang kahingian upang siyasatin ang mga partikularidad tungkol sa pag-aakda, mga batis, at pinagmulan ng diksyunaryo—dahil sa huli, sa kabila ng masinsing pagsisiwalat ng mga ito, hindi rin naman ito bibigyang halaga ng karaniwang mambabasa—ay ang kapansin-pansing pag-iiba-iba sa estilong ginamit sa pagguhit ng mga larawan. Sa isang banda,

maaaring pahiwatig ito na maraming sangkot sa paglikha ng diksyunaryo. Na malaya ang sinumang residente ng Ugac-Anafunan Sur na mag-ambag ng kaniyang sariling lahok. Ngunit sa kabilang banda, maaaring isipin na produkto ng malikot na imahinasyon ng iisang tao ang nag-iiba-ibang estilo ng pagkakaguhit sa mga larawan.

Nang tanungin ko si Magdaraog tungkol sa pinagmulan at pag-aakda ng diksyunaryo, isang blangkong tingin lang ang itinugon niya sa akin, na parang sinsabing “parehas lang tayong nangangapa.” Dagdag pa niya, hindi na mahalaga kung sino o sinu-sino ang nagpasimuno sa paglikha ng diksyunaryo. Naturalmente, tinanong ko siya kung bakit ganuon ang kaniyang pananaw.

“Ikaw ba, kung meron kang kasalanan pero di mo naman napagbayaran, gugustuhin mo pa bang unskatin ‘yon?”

“Ano pong ibig n’yong sabihin?”

“Na hindi abswelto ang buong lalawigan sa sinapit ng Ugac-Anafunan Sur...”

“Kung ganun lang po, ano pang silbi ng lahat ng ‘to? Bakit n’yo pa sinasabi ang lahat sa ‘kin?”

“Hindi ako tulad nila, Arnold. Naduwag lang ako. Alam kong wala akong magagawa, pero ayoko rin mamatay nang hindi nagsasalita.”

“Sinong nila? ‘Yung mga taga-Ugac-Anafunan Sur?”

“Hindi, Arnold. Wala silang kasalanan dito. Sa katunayan, sila pa itong nagpatuloy sa pagtutol at pagsasalita.”

IV

Ang Mga Kritiko

Walang teksto ang sa simula’t sapul ay naputungan na ng koronang “kinakailangan.” Maraming digmaang—digmaan ng salita, pagbasa, interpretasyon, sensura, impluwensya, at kung minsan, ng kamao—pinagdadaanan ang isang teksto bago ito hirangin bilang kinakailangan. Bilang bahagi ng kapita-pitagang kanon. At sa paglipas ng panahon, sa ibayong institusyonalisasyon at burukratisasyon ng panitikan, mas naging mahigpit (at hungkag) ang mga rekisito upang mapabilang ang isang teksto sa kapita-pitagang listahan ng mga akdang kailangang basahin. Ang sabihing

dumaan rin sa ganitong proseso ang diksyunaryong *Movovug* ay isa na lamang pag-uulit sa isang bagay na alam na ng lahat. Ang pagkakaiba lang, siyempre, ay hindi naigawad sa *Movovoug* ang koronang iyon.

Sumasang-ayon ang lahat ng kritiko ng *Movovug* sa pag-iral nito sa pinakapaimbabaw na antas. Ibig sabihin, naniniwala silang totoo ang libro, na nahahawakan, nabubuklat at, kung nanaisin, ay maipanghahampas ito sa sinumang tampalasang magdududa sa pag-iral nito. Napapatid lamang ang diwang ito ng pagkakaisa pagdating sa dalawang pundamental na usapin: ang (1) pinagmulan ng diksyunaryo at (2) ang awtentisidad ng nilalaman nito.

Isa si James Tumaliwan, dalubhasa sa wikang Ibanag at Itawis na tubong Piat, sa mga pinakamatinding kritiko ng *Movovug*. Ayon sa kaniya, kaduda-duda ang isang diksyunaryong hindi kumikilala sa mga batis nito. Dagdag pa niya, kung susuriin sa linggwistikong antas, talagang kuwestyong nable ang karamihan sa mga lahok nito. Dahil kung totoo mang nawalan na ng kapasidad ang mga residente ng Ugac-Anafunan Sur na gumamit ng mga pangngalan, pang-uri, pangatnig, at iba pang bahagi ng wika, hindi agad ito nangangahulugan na mawawalan sila ng kakayahang maintindihan ang mga ito. Hindi ibig sabihin, giit niya, na hindi sila nakakagawa ng paraan upang ihayag ang kanilang saloobin. Maaaring nakaranas ang mga residente ng Ugac-Anfunan Sur ng isang uri ng kapansanan o kakulungan sa paghahayag; gayunpaman, hindi ito sapat para hinuhaing tuluyan silang nawalan ng kapasidad na gamitin ang mga nabanggit na bahagi ng wika't balarila. Hindi lamang pagsasalita ang batayan ng kasanayan sa wika, mahalagang aspekto rin ang pag-intindi at pag-isip sa pamamagitan nito.

Upang pagtibayin ang kaniyang argumento, tinukoy ni Tumaliwan ang napansin niyang katangian ng “substitution” o “pagtayo bilang kapalit” na taglay ng ilang partikular na lahok sa diksyunaryo. Sa kaniyang sanaysay na pinamagatang “*Mergo et Movovug*” (na literal na kahulugan sa salitang Itawis ay “Magsalita at Salita”), isiniwalat niya ang pundamental na pagkakamali ng diksyunaryo. Ito ang bahagi ng sanaysay na pinakasumapul at pinaka-nagpatampok sa argumento ni Tumaliwan:

Hindi kailanman magiging pandiwa ang salitang ‘*movovug*.’ Isa itong pangngalan na ang kahulugan ay salita. Malaki ang pagkakaiba ng ‘salita’ at ‘magsalita.’ Ang una’y tumutukoy sa isang konsepto o bagay, samantalang ang

pangalawa ay tumukoy sa isang uri ng pagkilos. Sa wikang Itawis o Itawit, “mergo” at ang iba nitong mga panauhan at anyo (hal., kergo, maka-ergo, atbp.) ang ginagamit para ipahiwatig ang kilos ng pagsasalita. Isang napalaking pagkakamali ang gamitin nang halinhinan ang dalawang salita. Nakagigimbal—oo iyon ang tamang salita—na mayroong ganitong klase ng teksto na iginigiit ang sarili bilang isang diksyunaryo. Isang malaking kalapastanganan ang ituring na seryosong diksyunaryo ang Movovug. Kung anuman, isa itong hilaw na pagtatangka na hindi pinag-ukulan ng tamang paghahanda at masusing pananaliksik.

Interesante naman ang pananaw ni Cornelio Bacod, isang guro sa elementarya mula sa Tuao, tungkol sa integridad ng Movovug. Para kay Bacod, bukod sa problema ng diksyunaryo tungkol sa kawastuhan ng mga lahok nito, itinuturing rin na malaking kahinaan ang kawalan nito ng tiyak na ilustrador o grupo ng mga ilustrador. Kung bubusisiin kasing mabuti ang mga larawan, agad mapapansin ang malaking pagkakaiba ng mga ito sa isa’t isa sa dalawang aspekto: kasangkapang ginamit sa pagguhit at estilo ng pagkakaguhit. May mga larawan na ginuhit gamit ang bolpen na pabugso-bugso ang labas ng tinta. Mayroon rin ginuhit gamit ang hindi pa pinagbabagang uling. Sa lahok na *kinam*, halimabawa, may mga lahok na ginuhit gamit ang tira, labi, buto o pinagbalatan ng partikular na pagkain. Halimbawa, ang isang larawan ng mangga ay binuo sa pamamagitan ng pagdikit ng ilang pinatuyong buto nito sa isang pahina (Ang ibang mas malilikhaing larawan tulad ng ilang hibla ng canton na ihinugis bilang mga malalalim na hukay at binudburan ng sunog at dinurog na chicharon ay tiyak na kumakatawan sa mga pang-araw-araw na reyalidad na kinakaharap ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur—ang talamak na pagmimina sa kanilang lugar.). Pero ang talagang namumukod-tangi sa lahat ay iyong mga larawang iginuhit sa pamamagitan ng dugo. Karamihan sa mga larawan na ito ay matatagpuan sa lahok na *mattalaw* at *makkokog*. Muli, giit ni Bacod, isang itong paraan upang ipakita ng mga residente ng Ugac-Anafunan Sur ang kanilang pagkumdena sa kasalukuyang kaayusang umiiral sa kanilang baryo.

Isa pang bagay na hindi mapaniwalaan ng marami, kahit mismo ng mga tubong-Cagayan, ay ang kuwento sa likod ng diksyunaryo. Para sa

kanila, ang kuwento ng mga residente ng Ugac-Anafunan—ang kawalan nila ng kakayahan gamitin ang kalakhan ng pinakamahahalagang bahagi ng wika—ay hawig sa mga kuwento ng isang lasing na kutsero at durog na tsuper ng padyak. Sa madaling sabi, kuwentong inimbento para may ipagmalaki sa mga kainuman. Kuwentong ipantatapat sa iba pang kuwentong singbaligho at singkwestyongable ng mga magiging palusot nila sa kanilang mga misis kapag inumaga na sila ng uwi.

Sa kabila nito, at ayon ito kay Magdaraog, hindi kinapos ng tagasuporta ang diksyunaryo. Sa loob ng ilang buwan, naging laman ng mga pahayagan, usap-usapan sa radyo, at bukambibig sa mga umpukan ang nangyari sa Ugac-Anafunan Sur. Sumiklab pa nga ang ilang debateng linggwistiko dahil dito: ang mga nagsusulong ng “Universal Grammar” laban sa mga kritiko nito. Ayon sa mga kritiko ng Universal Grammar, patunay ang sinapit ng mga residente ng Ugac-Anafunan ng kakulangan ng teorya ni Chomsky, na akma lamang ito sa mga wikang Europeo at Anglo-Amerikano. Dagdag pa nila, kung iginigiit ng teorya ni Chomsky ang unibersalidad ng pagkatuto ng balarila, dapat rin nitong bigyan ng pansin ang bisa ng unibersalidad ng salungat na proseso: ang kawalang ng kakayahan na kumilala ng istruktura ng wika’t balarila. Isa sa mga nagsusulong ng teoryang ito ay ang dalubwikang si Cynthia Laxamana. Sa kaniyang sanaysay na ‘Balarila at Paglimot’, ipinagdiinan niyang araw-araw na nakakamit ng pambalarilang kasanayan ang isang tao, pero araw-araw rin siyang nakalilimot ng mas luma o hindi ginagamit na kasanayan. Para sa kaniya, ang nangyari sa Ugac-Anafunan Sur ay isang pambihirang kaso ng paglimot ng isang pambalarilang kasanayan. Kung nalimutan ng mga residente ng baryo kung paano gamitin ang mga pangngalan at iba pang bahagi ng balarila, tiyak na may pumalit na kasanayan at kakayahan rito.

Sa kabilang banda, noong unang pumutok ang balita tungkol sa kontrobersyal na diksyunaryo, may ilang pulitiko ang nagpakita ng interes dito. Pero hindi rin nagtagal ang kanilang interes. Sa huli, usapin pa rin ito ng pera. Ng episyenteng paggamit nito sa pangangampanya at pagpapantili ng kapangyarihang pulitikal. Hindi naglaon—nang mapagtanto nilang walang pakinabang sa kanilang karera ang pagsuporta sa produksyon at disturbusyon ng diksyunaryo, nang makita nila ang mas malaking lugi kapag inalis ng isang multinational na kumpanya ang kaniyang negosyo sa lalawigan, nang malaman nilang walang katumbas na boto sa susunod na

eleksyon ang pagsuporta sa diksyunaryo—agad-agad nila itong ibinaon sa limot tulad ng mga apela ng mga ipinanganak na ‘walang papel’.

Kahit ang mga taong sumisimpatiya sa sinapit ng taga-Ugac-Anafunan ay may mga kipkip ring duda’t alinlangan—mga saloobing di maiiwasan sa anumang pagtatangkang alamin ang katotohanan, o lumikha ng isang imahe nito. Duktur ang mayorya sa kanila. At bagaman kinukundena nila ang talamak na pagmimina ng magnetite sa Ugac-Anafunan Sur at sinusportahan ang pakikibaka laban dito, hindi nila makita ang koneksyon ng pagmimina sa biglaang pagkawala ng kakayahan ng mga residente ng baryo na gumamit ng pangngalan, panghalip, pangatnig, atbp. Hinala nila, apektado ng sakit na aphasia, isang karamdaman na pinupuntirya ang bahagi ng utak na responsable sa pagsasalita, balarila, at alaala, ang mga residente ng Ugac-Anafunan Sur.

Subalit marami-rami rin ang diskumpyado at duda sa opinyong ito. Isang sikolohistang nanggangalang Daisy Lahug ang naggiit na ang aphasia ay hindi nakaugat sa anumang klase ng pagkawala ng isang kakayahan kundi sa paglimot. Ang isang taong may aphasia ay hindi makapagsalita dahil sa isang nalimot na “function” ng utak. Sa ganitong pagkakataon, ani ni Lahug, ang prognostiko ay hindi dapat nakatuon sa pagtukoy sa dahilan ng kawalan ng kakayahan; sa halip, ang dapat alamin ay ang dahilan ng paglimot. Ang pangunahing sanhi—maaaring bayalohikal o penomenal (pangyayari)—upang malimutan ang isang batayang kakayahan. Kaya naman para kay Lahug, bagaman isang malayo’t malabong posibilidad, maaari ngang nakaapekto ang talamak na pagmimina ng magnetite—o ang ugali ng mga nagmimina ng magnetite, o ang palakad ng mga nagmimina ng magnetite, o ang umaga-hapon-gabing pagroronda ng mga sundalong kinasapakat ng mga nagmimina, o ang takot ng mga taga-Ugac-Anafunan Sur sa natatapyas nang dalampasigan, nagbantang dagat, at pag-aalbu-rotto ng mga bulkan, o ang maya’t mayang paglutang ng mapuputla’t dilat na dilat nang mga asuhos, talakitok at besugo—sa partikular na bahagi ng kanilang utak na namamahala sa paglimot at pag-alala.

Ngunit nanatiling maaari ang lahat ng mga hinuha ni Lahug. At hindi dahil di totoo o posible ang mga iyon, kundi dahil hindi na niya ito naiparing sa mas malawak na publiko. Ilang araw makalipas ang pagdatal sa kaniya ng mga naturang hinuha, natagpuang patay si Lahug sa kaniyang veranda, may isang malinis na tama ng bala sa sentitdo, at dilat na dilat (ang

mga puti na lang ng kaniyang mata ang nasaksihan ng mga pulis) tulad ng mga patay na isdang hiniraya niya habang pinagmumunihan ang diksyunaryo.

V

Oras at Baril

Masasabi kong maswerte ako't nalaman ko agad na patay na si Lahug. Kung hindi ko natsambahan iyong ligaw na balitang 'yon sa mga diyaryong ginagalugad ko para sa impormasyon, malamang ay naroroon na ako kina Lahug, sa harap ng kaniyang mga naiwan, at nag-uungkat ng isang yugto sa kanilang buhay na ayaw na nilang balikan—nagtutungkab ng mga sugat na hindi naman talaga maghihilom kahit na lumipas at matapos pa ang panahon. Tunay ngang mas masakit ang ating mga naaalala kaysa sa ating mga nararanasan.

Sinubukan ko pang mangalap ng impormasyon tungkol sa pagkamatay ni Lahug. Ilang presinto ang binisita ko sa mga karatig bayan para lang maitahi ang kulang-kulang at binago-bagong ulat tungkol sa insidente. Noong mga panahong iyon, panandaliang nawala sa isip ko ang Movovug, ang Ugac-Anafunan Sur, at kung bakit ko ba ginagawa ang mga ginagawa ko ngayon. Para akong robot na de-remote, computer program na may eksaktong algorithm. Basta't kung ano'ng itinakda ng lohika't kawsalidad, iyon ang gagawin ko. Pero sandali lang iyon, halos isang buntong-hininga ng pagpapaubaya't pag-ilanlang lamang kung tutuusin. Dahil habang mas tumatagal, habang mas nagiging malinaw sa akin ang mga sirkumstansya sa likod ng pagkamatay ni Lahug, lalong tumitindi ang hinala ko na may kaugnayanan ang insidente sa Ugac-Anafunan Sur sa kamatayan ni Lahug. Na ang anumang mangyari sa hinaharap, lalo na sa akin, ay magkakaroon ng relasyon sa pakikisangkot sa insidenteng matagal nang ibinabaon sa limot. At kung ano ang relasyon at ugnayang ito, iyon ang isang bagay na kailangan ko pang alamin.

Siyam na presinto ang binisita ko sa loob ng tatlong araw para makakuha ng ulat tungkol sa kaso ni Lahug. Siyam na presintong iba-iba ang hilatsa. May mukhang junk shop dahil sa dami ng boteng nakakalat at nakabalandra—mistulang found art objects—sa sahig, mesa, tukador at filing cabinets ng presinto. May mukhang looban dahil siksikan na ang

mga preso sa bawat selda. May mukhang beerhouse sa dami ng labas-pasok na putatsing sa presinto. Kulang na lang, maglagay sila ng strobe lights, disco ball, makukulay na kurtina at magsilbi ng lady's drink sa mga dalaw o magdudulong ng kaso. Mayroon ding mga estasyong ginawang mini casino. Mula jueteng hanggang tong-its, OTB hanggang ending, mahjong hanggang dama, wala silang pinalampas. Lahat ng sugal, para lamang mapalipas ang oras (at kumita na rin kahit papaano), ay papatulan nila. Patunay lang na mahirap talagang kumita ng pera sa Pilipinas. Kahit may trabaho ka, parang wala ka naman talagang ginagawa. Tuloy, sa walong oras, halimbawa, ng isang pulis o ahente sa kaniyang desk, limang oras doon ay ginugol niya sa pagpapanggap. Pagpapanggap na may nagagawang trabaho. Pagpapanggap na alam na alam niya ang kaniyang ginagawa. Pagpapanggap na gustong-gusto niya ang kaniyang trabaho, na pinupuno ng pagpapaalipin sa harap ng kompyuter o mga papeles ang kaniyang pagkatao, na isang malaking hakbang tungo sa pag-unlad ang paghimod sa tumbong ng mga nasa taas. Pana-panahon lang, sabi nila. Pana-panahon lang, huwag magsasawang magtiyaga't mangalansay.

Bagaman noong una'y minata't pinagsuspetsahan ako ng mga pulis, nagawa ko pa ring makuha ang mga isinadya ko sa pamamagitan ng kapangyarihan ng suhol at pag-aangas na natutunan ko sa mga kaututang-dilang abogado. Simple lang naman ang gagawin. Mag-name drop lang ng kung sinong may sinasabi, ipagyabang na ka-golf o kasabayan mo ito sa casino, at para talagang maniwala, banggitin na ninong/ninang ka ng panganay ni Mr./Mrs. May Sinasabi. Kung hindi pa rin matinag, mag-akmang tatawag sa sinasabing kakilalang malaking tao, umastang nag-agrabyado, at banggtin ang address ng presinto para lang iparamdam sa sarhentong ayaw patinag na anumang oras ay maaaring sumipot sa presinto si Mr./Mrs. May Sinasabi para sibakin siya sa kaniyang puwesto.

Sa siyam na presinto, dalawa doon ang wala nang naitagong record tungkol sa kaso ni Lahug. Dahilan ng mga tinyente, nabaha o naipadala na sa main office nila sa Ilagan ang mga ulat ng mga lumang kaso. Sa pitong natitirang ulat na napasakamay ko, tatlo ang nagkakaisa na pumanaw si Lahug sa ganap na 3:45 n.u. Ang natitirang apat na ulat naman ay magkakaiba ang itinakdang oras ng pagkamatay. Pinakainteresante sa mga ito ang ulat na nagsasabing namatay si Lahug sa ganap na 4:30 n.u., halos isang oras mahigit sa mga nakatala sa ibang ulat. Para sa sinumang

baguhan sa kalakaran at galawan ng sangkapulisan, ang mga naturang kontradiskyon sa mga record at ang kapabayaan sa pangangalaga ng mga ito ay isang nakapangingilabot at nakaririmarim na tagpo't pangitain. Pero para sa mga nakakaalam, hindi na ito nakakagulat. Sa isang bansang tulad ng Pilipinas, ang konsepto't usapin ng kamatayan, oras at hustisya ay mga bagay na singnormal ng taunang pagliit ng pan de sal o di kaya'y ng dibdibang pangungulangot gamit ang hinliliit. Kaya naman hindi ako magugulat kung sasang-ayon sa akin ang mga pulis kung sasabihin ko na para sa kanila, iisa lang ang kahulugan ng mga salitang iyon—na sa proseso ng kanilang imbestigasyon, ipinagkakamali nila—sadya man o hindi—ang mga iyon bilang isang tumpok ng mga sagisag na tumutukoy sa iisang kahulugan at pangyayari. Pinagsasaliw nila ang mga kahulugan at konteksto, ipinailalim sa isang mas malawak na konsepto—sa tatlo, tiyak na kamatayan ang “pinakamalawak”—na para bang gustong ipahiwatig na ang oras at hustisya, tulad ng tao, ay may mga kaluluwa rin, kung kaya't sa sandaling pumanaw ang isang tao, tulad ng napipintong pagkaagnas ng kaniyang katawan at pagbiyahe ng kaluluwa sa kabilang-buhay, ay umaakyat rin daw (o namamangka sa isang ilog) kasama nito ang oras at hustisya.

Bukod sa hindi paggalang sa oras, laganap rin sa ulat ang nagkokontra-hang mga detalye tungkol sa sandatang ginamit sa krimen. Bagaman nagkakasundo ang lahat ng mga ulat na binaril si Lahug, tatlong bagay ang pinagtatalunan ng mga ito: ang klase ng baril na ginamit; ang bilang ng balang ipinutok ng baril at ang bilang ng balang tumama sa biktima; at ang serial no. ng baril. Mahalaga ang huling detalye dahil mapagpasya ito lalo na sa usapin ng pagtukoy kung sinong grupo o tao (o propesiyonal) ang maaaring humawak at gumamit sa isang partikular na modelo ng baril (hal., may mga modelo ng baril na para sa mga sibilyan lamang; mga sundalo't pulis, at, siyempre, hindi mawawala ang para sa mga kriminal at iligal na nangangalakal nito).

Ayon naman sa isang nabasa kong ulat, isang pinag-ubrang revolver (pati ang sketch na kaakibat ng report, mukha ring pinag-ubra) raw ang ginamit sa krimen. Walong bala raw ang tumama sa katawan ni Lahug na nagbunsod ng pagbulwak ng kaniyang bituka sa sahig nang matagpuan ang kaniyang katawan sa crime scene. Isa itong malaking kontradiskyon kung ikukumpara sa isang artikulo mula sa diyaryo na nagsabing “isang malinis na bala sa sentido” ang kumitil sa buhay ni Lahug. Hindi mawala sa isip

ko ang paglalarawan ng artikulo sa katawan ni Lahug. *Malinis na bala sa sentido*. Alin kaya ang malinis? Iyong bala o ang pagkakatama nito, ‘yong pagtagos nito sa walang kaalam-alam at kalaban-labang biktima, sa sentido ni Lahug? Alin kaya ang malinis? Iyong galawan—mula pagpuslit sa loob ng bahay hanggang sa pagtakas—ng mga tirador ni Lahug o ‘yong ideya’t intensyon ng pagpatay sa kaniya?

Habang pinagkakasya ko ang sarili sa mga tanong na ito, mga tanong na sa totoo lang ay pagsasalsal lamang sa utak ko, muli kong naaalala ang diksyunaryong kanina pa nakapatong sa mga hita ko. Nang ituon ko ang atensyon ko rito’y dahan-dahan nitong ipinaramdam sa akin ang kaniyang bigat, waring bata ang diksyunaryong hila-hila ng inang pilit siyang niyayakag paalis sa toy section ng isang mall. Matindi ang pwera ng diksyunaryo. Sabay na nanakit at nangimay ang hita ko sa bigat nito. Pakiramdam ko’y lumalaki ito nang lumalaki hanggang sa madurog nito ang mga buto sa aking hita, binti at paa. Bumibigat nang bumigsat hanggang sa bumigay pati ang estribo ng sinasakyan kong dyip pabalik ng Tuguegarao. Biglang namanhid ang hita ko, waring pinasan ang pinakamabibigat na sako ng semento. At sa di ko maipaliwanag na dahilan, marahil sa di matukoy na takot, naihi ako sa aking pantalon. Buti na lang nakapatong sa mga hita ko ang diksyunaryo. Kahit papaano, abswelto pa rin ako sa nandidiri’t mapanuyang tingin ng mga pasahero.

Ang Huling Residente ng Ugac-Anafunan Sur

Linggo. Nagising ako sa iskandalosong pagkiring ng telepono ko. Pagtingin ko sa orasang nakasabit sa pader na nagbibitak na ang pintura, ala-siyete na ng umaga. Napa-oo nga pala na lang ako. Nasa probinsya nga pala ako, ang bulong ko sa sarili. Dito, ang pagtawag sa ganitong oras ay tanda na ng matinding pagtitimpi at konsiderasyon, lalo na para sa tulad kong taga-siyudad. Pupungas-pungas akong tumayo sa papag (na nilagyan ng matambok na kutson para magmukhang kama, pero sa huli’y papag pa rin) na hinihagaan ko’t sinagot ang telepono. Di ko kilala ang boses. Matanda, babae. Matigas magsalita at medyo garalgal ang boses. Mukang taga-Cagayan din. Tinanggal ko ang anumang bakas ng antok sa boses ko.

“Hello? Magandang umaga , sino ho sila?”

“Usap Arnold Gracia?”

“Ako nga po ito. Ano pong sa atin?”

“Basa. Movovug.”

“Ano ho?”

“Kwento Manong. Basa Movovug.”

“Ano ho?”

“Movovug.”

“Ano—”

Binaba na ng matanda ang telepono bago ko pa maipagpatuloy ang aking pagtatanong. Hindi pa tumitimo sa akin noong mga sandaling iyon ang implikasyon ng pagatawag niya sa akin. Wala pa talaga ako noon sa huwisyo. Ganito naman ako lagi kapag bagong gising. Noong bata nga ako, diesel ang tawag sa akin ng mga magulang at kapatid ko. Ang bagal ko daw kasing kumilos sa umaga. Para daw akong sasakyan na kailangan pang painitin bago patakbuhan. Madalas pa nga, nahuhuli ako ng mama kong panakaw na natutulog sa sopa, pauunahin ang mga kapatid kong maligo, para lang ipagtuloy ang naudlot kong pakikipagniig sa aking mga panaginip. Panaginip. Panaginip. Isang bagay, isang gawain, na maraming idinulot na masama’t mabuting pangyayari sa buhay ko. Ang dahilan kung bakit ako naging manunulat. Ang dahilan kung bakit nagkagalit kami ng mama ko na ang pangarap ay maging arkitekto ang isang tulad kong walang depth perception at may malalang kaso ng pasma. Ang dahilan kung bakit nandito ngayon, sinisikap na tuparin ang hiling ni papa bago siya nagpaalam sa mundong ito. Mga pangyayari na kahit wala sa hinagap ko, kahit na hindi ko naman pinagplanuhan, ay kailanman hindi ko pagsisisihan, kailanma’y hindi ko ipagpapalit. Hindi naman na ako masyadong mabagal kumilos sa umaga. Nangyari lang talaga na hindi agad nagrehistro sa akin ang gusto sabihin ng kawawang matanda. Ewan. Minsan talaga, may mga bagay sa ating gising na reyalidad na hindi natin maarok kaysa sa mga bagay na palutang-lutang

Naligo muna ako para makapag-isip-isip at makapagplano ng mga susunod kong hakbang. Habang nagkukuskos ng libag sa katawan, gumitaw sa aking isipan ang mga posibilidad, ang marami na namang tanong. Paano kung taga-Ugac-Anafunan Sur iyong babaeng tumawag kanina? Paano kung siya ang susi sa mas malalim na pag-intindi sa diksyunaryo?

Actually, ang mas kagyat na tanong: paano niya nalamang nasa Cagayan ako? Nakasalubong ko na ba siya sa kalsada? Nakasabay sa mga dyip, kalesa at traysikel na nasakyan sa lalawigan? Sa mga turo-turo? Nakasabay ko kaya siya? Naaabutan ng tubig o di kaya ng sawsawan? Naaalala ko tuloy iyong isang nobela ni Javier Marias. Sabi ng isa niyang tauhan, kapag daw nagtatanong tayo, hindi daw dahil hindi natin alam ang isang bagay. Nagtatanong daw ang tao para malaman kung hanggang saan ang nalalaman niya. Nagtatanong daw tayo para malaman natin kung ano ang limitasyon, kung hanggang saan ang sakop ng ating alaala. At huli, nagtatanong daw tayo para muling makadaupang-palad ang mga tao o bagay na matagal na nating kilala, lamang ay panandalian nating nalimot dahil kasabay ng pagdating sa atin ng bagong kaalaman o kakilala ay ang paglimot natin sa mga nauna o dati nang alam o kakilala. Ang pagtatanong ay isang pagsisikap na lampasan ang mga marahas na batas at operasyon ng alaala.

Pakatapos maligo, hinablot ko ang tuwalya sa de-hook nitong sabitan. May Hotel Ritz na eleganteng nakaburda sa laylayan nito. Mahigit isang lingo na ako sa hotel na ito. Hotel Ritz ang pangalan ng hotel, pero wala maski ano rito ang katulad ng Hotel Ritz sa France (isang bagay na hindi naman masama). Masaya na ako na 700 lang kada gabi ang kuwarto, na malaki ang bintana nito't kayang magpatuloy at pamahayin ang sariwang hangin, may telebisyon, at disentang study na pwede kong gawing patungan ng mga libro ko. Wala sa akin kung hindi de-alpombra ang sahig o kaya'y amoy Glade ang kuwarto. Hindi ko ikamamatay ang cable TV na walang HD channels. Hindi matetetano ang bibig ko kahit na hindi Evian ang ipainom nila sa aking tubig. Sa huli, ang mahalaga, mura ang upa sa kuwarto.

Habang nagbibihis, sinubukan kong alalahanin ang mga ginawa ko kahapon. Naalala ko ang pagbisita ko sa mga presinto na parang hindi naman mga presinto. Naalala ko ang mga nagtutunggaliang datos sa mga ulat, mga datos na talagang liligawin ang mambabasa mula sa katotohanan, magsusupling ng mga labirintong walang humpay ring magluluwal ng digresyong siya namang kakatha ng bagong mga naratibo, mundo, katotohanan at, sa paglaon, reyalidad. Naalala ko kung paano.

Tinawagan ko si Magdaraog (dahil siya lang naman ang naiisip kong manong na tinutukoy ng matandang babaeng nakausap ko sa telepono) bago ako umalis. Hindi niya sinasagot ang kaniyang cellphone. Nang subu-

kan ko namang tawagan ang landline nila, sinabihan ako ng katulong nila na may binili daw ang sir niya sa palengke. Nang tanungin ko sa katulong ni Magdaraog kung paano pumunta sa palengke, binigyan niya ako ng direksyon sa pinaghalong Tagalog at Ibanag.

Isang pulutong ng tricycle ang nakahilera sa labas ng hotel paglabas ko. Kumontrata ako ng isa papunta sa pinakamalapit na palengke. Habang sinususyod ang mataong plaza ng siyudad, gahaman kong ipinalibot ang mga mata ko sa umpukan ng mga maggugulay, matador, kargador, at iba pang tindero't tindera. Hindi maikakaila ang kasariwaan ng mga gulay dito. Nangingislap ang balat ng talong, malilintog ang mga kamatis, musika sa tainga ang lagatik ng kalabasa kapag pinitik, at pinong-pino ang pagkaputi ng native na mais. Hindi tulad sa Maynila na winiwisikan lang ng tubig para magmukhang bagong ani o pitas.

Pagkababa ko sa may palengke, dumiretso agad ako sa pansitan. Dalawang pansit ang sikat dito sa Cagayan: ang pansit Cabagan at pansit batil-patung. Pareho kong gusto ang dalawa. Ngayong araw, pansit batil-patung ang kinain ko. Sa dalawang pansit, ito talaga ang tubong Cagayan. Simple lang ang mga sangkap ng pansit-batil patung. Ginisang miki, atay ng manok at baboy, sibuyas, at chorizo ang pangunahing rekados nito. Bago ihain, lalagyan ito ng nilagang itlog ng pato sa ibabaw. Bibigyan rin ang sinumang o-order ng isang tasa ng sopas na gawa rin sa itlog ng pato. Toyo, sukang Iloko, sili, at sandamakmak na sibuyas ang karaniwang sawsawan ng pansit. Sa loob ng mahigit isang linggong pamamalagi ko sa lalawigan, ilang bersyon na rin ng pansit batil-patung ang natikman ko. Mayroon nagsama ng hotdog at giniling sa rekados, mayroong medyo manamis-namis ang timpla, at mayroon namang sinahugan pa ng lechon kawali at kung anuano pang gulay.

Agad akong dumiretso sa loob ng palengke pagkatapos kong kumain. Umaasang matatagpuan si Magdaraog sa gitna ng malawak na dagat ng tao, pulutong ng langaw at nagsasalimbayang mga tinig at amoy. Pagpasok sa loob, sinalubong ako ng mga nagmamadaling kargador, naghaharutang mga batang-supot at nagpapaligsahang mga tindero't tindera—nagpapalakasan ng boses para hindi na gumalaw ang mamimili sa kaniyang kinalalagyan at mapilitang bumili sa kanilang puwesto. Sabi ng isang tinderang napagtanungan ko, ang kasalukuyang mayor daw ang nagpagawa ng palengke. Dati raw, sa bangketa lang nagbebenta ang mga

tindero't tintera. Akala raw ng mga tao, hulog ng langit ang palengke. Iyon pala, laking perwisyo rin ang dulot nito sa kanila. Bukod kasi sa mataas ang singil sa renta, kailangan pa nilang bayaran ang kuryente at manakanakang maglagay sa mga pulis na ginagawang kumikitang kabuhayan ang pagronda sa palengke. Para daw sa kaligtasan nila, ang idadahilan ng mga ngiting-asong pulis. Ayon sa nakausap kong maggugulay, marami na ring sumubok bumalik sa mga bangketa. Pero nang minsang mapansin ni Mayor na kumakaunti ang umuupa ng puwesto sa palengke, inutusan niya ang mga pulis na dalasan ang raid sa mga bangketa. Kaya naman kahit halos abonado na sila sa araw-araw, tinitiyaga na lang ng mga tintera't tindero na umupa sa palengke kaysa pagdiskitahang lamug-lamugin at dispatsahin ng mga pulis ang mga paninda nila.

Tatlong beses kong inikot ang buong palengke pero hindi ko mahagilap maski anino ni Magdaraog. Sinubukan ko ulit siyang tawagan pero walang sumasagot. Naisip kong dahil Linggo, baka abala si Magdaraog na naghahanda ng espesyal na tanghalian para sa kaniyang pamilya. At dahil napagod na rin ako sa kalalakad at kahahanap sa kaniya, nananghalian na lang ako sa pinakamalapit na panciteria kahit wala pang alas-dose. Nang makabalik na ako sa Hotel Ritz, agad akong nilapitan ng receptionist at may binigay sa aking isang maliit na pirasong papel. Ni hindi ako nakapagbigay ng reaksiyon. Agad kong tinanggap ang papel mula sa kaniya nang walang kibo. Maingat at pulido ang pagkakakatupi ng papel. Napansin ang pagkagulat sa aking mukha, dali-daling nagpaliwanag ang receptionist.

“Jimmy Payumo po ang name nu’ng nagbigay, sir. Friend n’yo daw po.”

“Wala na s’yang ibang sinabi?”

Wala na po, sir. Umalis po s’ya agad pagkatapos n’yang ibigay ‘yung message.

“Sige, sige. Thank you.”

Bibigyan ko pa sana ng tip iyong receptionist, kaso nakabalik na siya sa kaniyang puwesto pagkatapos ng mabilis kong pagtatangkang halughugin ang utak ko para sa isang pangalang ngayon lang narinig sa buhay ko. Pagkapasok na pagkapasok ko sa unit ko, binuklat ko agad ang papel para mabasa ang mensahe. Naka-all caps ito na parang gustong sigawan sa mukha ang pagsasabihan nito:

HUWAG KANG MAKIALAM KUNG AYAW MONG
MATULAD KAY MAGDARAOG.

Ni hindi ko nakuhang bumuntong-hininga. Sabay akong sinakal ng takot at ng pagkaligalig dahil sa mga implikasyon dala ng mensahe. May ilang minuto rin akong matamang nakatitig sa papel, umaasang matutunaw ng pagtitig ko ang mga titik na nagsasateksto ng aking napipintong pagkautas. Para akong naupos na kandilang biglang pinanawan ng apoy, ng liwanag, ng lakas. Ang tanging nagawa ko'y mapauupo sa sahig, mistulang papel na sinalbahe ng hangin at naupuan ng matabang bata.



Essay

